View metadata, citation and similar papers at core.ac.uk
brought to you by CORE

Ateneo de Manila University
Archīum Ateneo

Philosophy Department Faculty Publications | Philosophy Department

2015

# Ang Konsepto ng Planetisasyon ni Teilhard de Chardin: Isang Pagsusumubok Bigkasin ang Meron

Wilhelm Patrick Joseph S. Strebel

Follow this and additional works at: https://archium.ateneo.edu/philo-faculty-pubs

Part of the Philosophy of Science Commons

# Ang Konsepto ng Planetisasyon ni Teilhard de Chardin: Isang Pagsusumubok Bigkasin ang Meron

*Wilhelm P.J. Strebel*

**ABSTRACT**

In his book *Pambungad sa Metapisika*, Roque J. Ferriols, SJ, stresses that metaphysics is a practicum. Metaphysics makes one aware of reality, and this awareness drives the person to affirm, respect, and work and move in accord to and within it. This response to reality is what Ferriols calls "pagbigkas sa meron." Ferriols also devotes a chapter of his book to the thought of the French paleontologist, Pierre Teilhard de Chardin, SJ. The paper explores how this understanding of Teilhard's thought leads to the practicum identified above as "pagbigkas sa meron." The paper begins with an exposition of the key concepts found in Ferriols's book relevant to Teilhard's "planetisation," or the furling back upon itself of a "bundle" of potential species around the surface of the earth, a movement that could lead to the destruction of humankind itself but which could also occasion unity or what he called the "brotherhood of persons." Then it argues that Teilhard's concept of planetisation implies an act of "pagbigkas sa meron."

**KEYWORDS:** *ako-ismo*; *egoisme*; evolution; *kapatiran ng mga persona*; *pagbabalik-tiklop*; réflexion; planetisation; science

## PAG-UNAWA AT PAGGAWA

Sa kaniyang aklat na *Pambungad sa Metapisika,* binigyang-diin ni Padre Roque J. Ferriols, SJ, na ang metapisika ay palaging ginagawa. Una itong matitikman ng mambabasá sa kalagitnaan ng unang yugto na kakikitahan ng kaniyang nakaaaliw na pag-aangkop sa sinaunang kuwento ng manggugulóng na kaniyang hinango sa Tsinong pilosopong si Tswang Tsu. May anak ng manggugulóng. Sa una ay hindi pa siya marunong gumawa ng gulong. Sa kaniyang pagsusumikap, nakinig siya at isinagawa niya ang mga itinuro sa kaniya ng ama niya kung kaya't sa kalaunan, naging manggugulóng na rin siya. Dito hango ang pinakamadalas sipiin mula sa naturang akda, ang linyang: "Kapag nasabi na ang lahat ng masasabi, ang pinakamahalaga ay hindi masasabi. Magagawa lamang."[1]

Kung kaya't sa ikatlong yugto, tinatalakay niya ang "pagbigkas sa meron" bilang pagtalima at pagkilala sa talagang meron na siya namang nagbubunga ng matinong pagsasagawa. Bukod sa pag-unawa sa pagbigkas bilang pasalitâng apirmasyon, pinalalim pa niya ito bilang mahusay at matinong pagsasagawa.

## BIGKASIN ANG MERON

Kailangan munang maglaan ng pagtalakay sa ibig sabihin ni Padre Ferriols sa mga katagang "bigkasin ang meron." Maraming alamat ang umiikot ukol kay Padre Ferriols. Ibabahagi ko dito ang isang alamat ukol sa kung paano siya nagising sa angking lalim ng katagang meron sa pagtukoy sa talagang totoo o talagang nangyayari. Hindi natin dito balak alamin kung totoo nga o hindi ang alamat, ngunit sapat ang alamat upang ipahayag ang kahulugan ni Ferriols kapag sinasabi niyang meron. Nakasakay daw siya sa dyip at siya na lamang ang nalalabing pasahero. Nagtanong ang tsuper, "Meron pa ba diyan?" at laking gulat niya nang sumagot si Ferriols, "Meron po." Kung wala nang pasahero, walang sasagot at tapos ang usapan. Sapagkat meron pang pasahero, may sumagot at maaari pang magpatuloy ang usapan. Maaari pang magtanong ang tsuper: "Saan ka sumakay?" "Saan ka bababa?" "Nagbayad ka na ba?" at iba pa. Kapag sinasabing meron, tinutukoy ang hindi guniguni, hindi inimbento, hindi likhang-isip, bagkus ang talagang totoo at talagang nangyayari. At bagaman hango ito sa Tagalog, katumbas ito ng "anaa" ng Bisaya, "igwa" o " yaon" ng Bikolano, "ara" ng Hiligaynon, at ng iba pang salita sa

[1]Roque J. Ferriols, SJ, *Pambungad sa Metapisika* (Quezon City: Office of Research and Publications, Ateneo de Manila University, 1991), 23–24.

iba pang wika sa Pilipinas sapagkat kumukatawan ito sa kung paanong kinikilala ng Pilipino ang talagang totoo o talagang nangyayari. Para kay Ferriols, ang táong umaangkin, kumikilala, at nagsasagawa ng talagang meron ay bumibigkas sa meron. Bakit kayâ niya tinawag na pagbigkas?

Sa pambungad na yugto ng *Mga Sinaunang Griyego*, sinikap ni Padre Ferriols ipaliwanag ang mga batayang kataga ng mga Griyego para sa salita: ang *logos* at *epos*. Mahalaga ito sa pag-unawa sa pananaw-daigdig ng mga sinaunang Griyego. Upang masakyan ng mambabasá ang talakayang ito, minarapat muna niyang manatili sa sariling bakuran at pagmunihan kung paano dinaranas sa Filipino ang mga batayang kataga. Wika niya,

> Sa karaniwang usapan halus mapagpapalit-palitan ang "kataga," "salita," "sabi," "wika," "bigkas." Maaring itukoy ng lahat ng mga ito ang huni na nanggagaling sa bibig bilang kasangkapan sa pag-uunawaan. Ngunit kung susubukan natin danasin ang bawat isa, baka meron tayong matutunan.[2]

Daanan natin ang kaniyang natuklasan. Mula sa kayamanan ng daigdig na bumabalot sa atin, nakahahanap tayo ng paraang ipahayag kung paano natin dinaranas ang kayamanang ito. Ang kataga bilang huni ay tumutukoy sa "isang taga" lamang mula sa kabuuan ng kayamanang ito. Tuwing naririnig ang kataga, nararanasan ang kabuuang pinanggalingan ngunit hindi sa kaniyang kabuuan, sapagkat isang taga lamang.[3]

Ang "salita" ay tumutukoy sa kakayahang umunawa at makipag-unawaan, kung kaya't kung makakita ang tao ng munting bata, maaari niyang itanong sa nag-aaruga kung "nakapagsasalita na ba siya?" Sa agaw-dilim naman ng búhay ay maaaring hindi na nakapagsasalita ang táong may apo na sa tuhod at marami nang napagdaanan. Unti-unti na siyang binabawian ng panahong lumipas ng sarili niyang alaala, pag-unawa, at pagpapahayag.[4]

Ang "sabi" naman ay maaaring tumukoy sa paninindigan ng tao ukol sa isang malalim na katotohanan kung kaya't sa paglipas ng panahon, ang paninindigang ito ay nananatili sa alaala ng mga nakarinig dito at nagiging "kasabihan."[5]

Ang "wika" naman ay tumutukoy sa ipinahayag na kuro-kuro. May mga salitang "'kamo," "'ika niya," at "'ika nga." Ang mga kuro-kurong ito ay naipahahayag sa imahinasyong kultural sa pamamagitan ng mga salawikain. Wika din ang tawag

---

[2]Roque J. Ferriols, SJ, *Mga Sinaunang Griyego* (Quezon City: Office of Research and Publications, Ateneo de Manila University, 1992), 21.

[3]Ibid., 21–22.

[4]Ibid., 22.

[5]Ibid.

sa buong daigdig ng pagpapahayag at sa mga bukod-tanging daigdig at estilo ng pagpapahayag tulad ng wikang Tagalog, Ingles, Kastila, at Pranses.[6]

Ukol sa "bigkas," may dalawang punto si Padre Ferriols. Una, tumutukoy ito sa "paggalaw ng bibig at mga bahagi ng katawan na nakaugnay sa bibig upang magbitiw ng mga huning salita."[7] Kung kaya't may tamang pagbigkas ng mga salita kung ito'y malumay, malumì, mabilís, o maragsâ. Sinasanay ng táong nag-aaral ng banyagang wika ang mga bahagi ng kaniyang bibig at lalamunan upang bigkasin nang wasto ang mga tunog na hindi bahagi ng kaniyang katutubong wika. Ang mga piyesa naman o mga talumpati ay ineensayo upang mabigkas ito nang naaayon sa loob ng isang timpalak.[8]

Ang pangalawa naman ay ukol sa kakayahan ng pagbigkas na lumikha ng bagong kalagayan. Ibinibigay na halimbawa ni Ferriols ang sandali ng pagbigkas ng pasiya ng isang hukuman na siyang nagpapalaya sa táong nililitis at ang pagbigkas ng pag-ibig na siyang nagpupundar ng bagong búhay.[9]

Sa pagdaan sa mga nabanggit, maaaring mahinuha ang dahilan kung bakit tinawag ni Padre Ferriols bilang "pagbigkas sa meron" ang pagkilala, pag-angkin, paggalang, at pagsasagawa sa talagang nangyayari. Tulad ng manggugulóng sa kuwento ni Tswang Tsu, may nagisnan ang tao sa meron. Tinanggap niya ito, kinilala, inangkin, iginalang, at ang mga pasiya, gawain, pati pananaw niya sa búhay ay hinuhubog at nililikha na ng pagkilalang ito: binibigkas na niya ang talagang totoo.

Samakatwid, para kay Padre Ferriols, hindi lamang humahantong sa akto ng apirmasyon ang pilosopiya. Nilalampasan pa nito ang akto ng apirmasyon sapagkat tumutungo din ito sa akto ng pagbigkas. Sa pagtuturo niya ng kursong Pilosopiya ng Tao, inaakay ni Padre Ferriols ang mga estudyanteng bagong salta sa lalawigan ng pilosopiya sa isang puntong napakapayak ngunit napakahalaga rin: hindi naiiba ang pilosopiya sa mga bagay na natutuhan nating gawin. Kung natuto tayong magbisikleta sa pamimisikleta, kung natuto tayong lumangoy sa paglalangoy, ganoon din ang matutong mamilosopiya: sapagkat ang pilosopiya ay ginagawa. Ang pagbigkas para sa kaniya ay hindi lamang pagsasalita kundi isang pagsasagawang lumilikha ng bagong kalagayan. Sa ikapitong yugto, dinalá niya ang talakayan sa interesanteng kaugnayan ng agham sa meron. Ito ang magiging tema pati ng ikawalong yugto bago niya wakasan ang akda sa kaniyang pagmumuni ukol sa potensiyal at sa wika sa ikasiyam na yugto.

---

[6]Ibid.

[7]Ibid.

[8]Ibid.

[9]Ibid., 23.

Sa ikapitong yugto na siya namang pinamagatang "Agham at Meron," ipinakita ni Padre Ferriols kung paanong ang agham ay isang abstraksiyo. At bilang abstraksiyo, ito ay hinango mula sa meron, binuo sa purong isip at ibinabalik sa meron sa pamamagitan ng aplikasyon. Sa madaling salita, naghain siya ng isang pagsusumubok unawain ang matematika at agham tungo sa pagkilala sa tunay nitong lakas at tunay nitong kahinaan sa pagbigkas sa meron. May kakayahan ang agham na bigkasin ang meron ngunit kailangang alalahanin na sapagkat ito ay abstraksiyo, hindi nito nabibigkas ang kabuuan ng meron. Ang mga konsepto't sistema ng matematika at agham ay may tunay na kaugnayan sa talagang meron ngunit kailangan ng mapagkilates na pag-uugali upang ang gumagamit at humahanga dito ay hindi maipit sa loob lamang ng konsepto't sistema at bagkus gumalaw sa talagang meron.

## ANG PRAKTIKUM NI TEILHARD DE CHARDIN

Tuwiran na nating tutukan ang ikawalong yugto, "Isa Pang Abstraksyo." Nadala ako sa ganitong tuon sapagkat sa buong akda, sa dulo lamang ng yugtong ito ginagamit ni Ferriols ang katagang "praktikum." Tulad nga ng naisaad na sa simula, naninindigan siyang ang metapisika ay palaging ginagawa. Tugon niya marahil ito sa palagiang puna laban sa metapisika bilang isang teoretikal na pananaliksik lamang. Samakatwid, itinuturing niyang praktikum hindi lamang ang yugtong ito, bagkus ang buong aklat; sa kaniyang sariling salita, "katipunan ng mga praktikum."[10] Ngunit namumukod-tangi ang yugtong ito sapagkat itinuturing mismo ni Ferriols na mas praktikum ito kaysa sa iba, kung kaya't naglalagay siya ng isang hanay ng mga tanong sa katapusan. Sa hanay na ito, babanggitin at tututukan ko ang ilan:

> Ano ba ang naging karanasan mo sa ating pakikisalamuha kay [Pierre] Teilhard [de Chardin]? Sinubukan mo bang intindihin ang isang taong ibang-iba sa iyo ang pag-iisip? Sinubukan mo bang unawain siya, hindi upang sumang-ayon o tumutol sa kanya, kundi sa simpleng pagnanais na maunawaan siya?
>
> . . .
>
> Dahil kay Teilhard, umiba ba ang iyong pagtanaw sa sanlibutan? sa agham? sa relihiyon? sa lahi ng sangkatauhan? kay Kristo?

[10]Ferriols, *Pambungad sa Metapisika*, 234.

At iba pa. Palaging iba pa.[11]

Kung ang pakahulugan natin sa pilosopo ay kaibigan ng karunungan, dito namumukadkad si Ferriols bilang pilosopo. Hindi siya ang bukal ng karunungan ngunit naghahain siya ng landas, o mas angkop sabihing nagpapakilala siya ng landas, parang isang kaibigang gumagabay sa iyo at nagbibigay-loob mula sa kaniyang sariling karanasan. May nakita si Padre Ferriols sa kaniyang pakikisalamuha kay Teilhard. Sa kaniyang akda, wala siyang balak ipilit sa iba ang nakita niya sa kaniyang pakikisalamuha ngunit nagbubukas siya ng daan sa mambabasá upang magkaroon ng sariwang pakikisalamuha kay Teilhard. Kung may magtatanong kung anong uring palaisip si Padre Ferriols, ganito siya: kaibigan ng karunungan. Kung kaya't sa papel na ito, sa pagsubaybay sa mga tanong na sinipi sa itaas, nais kong ipakita kung paanong nakatulong si Ferriols sa lalong pag-unawa kay Teilhard na siya namang nagbubunga ng lalong pag-unawa at pagbigkas sa meron.

Si Pierre Teilhard de Chardin ay isang paleontologo. Kinilala ng pamayanang siyentipiko ang kaniyang kontribusyon sa larangang ito nang matuklasan niya at ng mga kasama niya sa pananaliksik ang Taong Peking (*Sinanthropus*). Naging abalá siya sa pagpapaliwanag sa pag-usbong ng tao sa loob ng ebolusyon sa tulong ng mga ebidensiyang tulad nito. Bukod dito, si Teilhard ay kasapi ng Kapisanan ni Hesus. Sinikap niyang pagkasunduin ang katotohanan ng ebolusyon at ang katotohanan ng rebelasyon ng relihiyon, ngunit hindi naging tanggap para sa mga eksperto ang kaniyang mga natuklasan. Tiningnan ng mga siyentista bilang espekulasyong walang disiplina ang kaniyang mga teorya. Tiningnan naman bilang labag sa turo ng Simbahang Katoliko ang kaniyang pagtanggap sa teorya ng ebolusyon bilang paraan ng paglikha sa daigdig. Ito ang dahilan kung bakit nalimbag lamang ang mga akda niya matapos na siya ay yumao na. Ang *Le phénomene humain* ang unang nalimbag at pinakatanyag sa mga naisulat niya.

Animnapung taon na ang lumipas mula nang pumanaw si Teilhard. Sa lumipas na panahon, unti-unting gumuho ang bakod sa pagitan ng empirikal na paliwanag sa daigdig na dulot ng agham at ng relihiyosong kontribusyon sa paliwanag na ito. Isa sa mga kasalukuyang kapanalig ni Teilhard si Robert Winston, na isang manggagamot at táong makaagham sabay may malalim na paniniwala sa ortodoksong tradisyon ng Judaismo. Sa kaniyang mga aklat, programang pantelebisyon, at radyo, isinusulong niya upang maging popular ang ugnayan ng agham at relihiyon.

Noong 2012, lumabas ang aklat ni Raymond L. Neubauer na pinamagatang *Evolution and the Emergent Self: The Rise of Complexity and Behavioral Versatility.* Ayon sa isang rebyu, matapos maglaan ng 248 pahina sa naturalistikong paliwanag

[11]Ibid.

ng proseso ng ebolusyon, matapang na isinaad ni Neubauer ang pananaw na nasa harap at likod ng proseso ng mga sanhi at bunga ang ugnayan sa banal.[12]

Sa larangan naman ng sosyolohiya, nakikilala na rin ng mga eksperto ang kontribusyon ng Kristiyanong pananaw sa halaga ng tao at sa pagbuo ng lipunan. Kinikilala na ang hangganan ng pananaw na humanistiko o sekular. Ayon kay Graham Bowpitt:

> In Christian theology, human beings are seen as created, the products of a creative act. People are seen as the climax of God's creativity, the only ones whose creation God considered 'very good' (Genesis 1:31). A number of things follow from this, with important implications for social work. First, as products of a creative act, people cannot be the mere outcomes of an impersonal evolutionary process with all its deterministic implications. The possibility of an accommodation between evolutionary biology and Christian theology, such as that put forward by the French Jesuit thinker, Teilhard de Chardin, and his idea of purposive evolution, is here left open. What is not doubted is that, though the environment and genetic make-up may influence human nature, it is also the result of an act of will. Second, people are ultimately dependent upon God for the fulfilment of their humanity and the meaningfulness of their lives. Consequently, no account of human nature is complete if God is left out. This has profound implications for social work theory.[13]

Sa *Le phénomene humain* (isinalin sa Ingles bilang *The Phenomenon of Man*), gumawa si Teilhard ng pagtahi sa biolohikong pag-unawa sa daigdig na bukod-tanging teorya ang ebolusyon, at sa sosyolohikong pag-unawa sa tao bilang bumubuo ng lipunan. Para kay Teilhard, polidong nag-uugnay ang dalawa. Ayon nga sa kaniya, "*The social phenomenon is the culmination and not the attenuation of the biological phenomenon*."[14]

Nakatuon si Teilhard sa tao bilang bahagi ng proseso ng ebolusyon. Dagdag pa rito, tinutuunan din niya ang tao bilang isang likas na kabaguhan sa prosesong ito. Para sa unang pagkakataon, pumasok ang isip at pagbabalik-tiklop[15] sa ebolusyon sa pamamagitan ng tao. Sa pagpapaliwanag ni Ferriols:

---

[12]Charles J. Alt, rebyu ng *Evolution and the Emergent Self: The Rise of Complexity and Behavioural Versatility*, ni Raymond L. Neubauer at Xuan Yue, *Quarterly Review of Biology* 88 (December 2014): 341.

[13]Graham Bowpitt, "Working with Creative Creatures: Towards a Christian Paradigm for Social Work Theory, with Some Practical Implications," *British Journal of Social Work* 30 (June 2000): 354.

[14]Pierre Teilhard de Chardin, *The Phenomenon of Man,* salin ni Bernard Wall (New York: Harper and Row Publishers, 1965 [1955]), 223. Kay Teilhard ang diin.

[15]Heto ang salin ni Ferriols sa "réflexion."

> Malinaw kung ano ang buod ng kabagohang ito. Ang tao ay nakakaalam, at sa isang balik-tiklop ng malay-tao, sa pagbalik ng buong malay tao sa buong malay tao, nalalaman ng tao na nakakaalam siya. Sa akto ng pagbabalik-tiklop nakakapasok ang tao sa isang buong larangan ng buhay, larangan na kinagagalawan, halimbawa ng pag-ibig, pag-uunawa, pagnanais, [at iba pa].[16]

Kayâ nasa sangang-daan ang tao. At sa sangang-daan, sinasalubong siya ng makulit na katanungang palaging nagpapakita sa kaniya sa bawat yugto ng mulát niyang kasaysayan: "Piliin ang mas matinding pagsesentro, o mahati." At sa mulát niyang kasaysayan, maraming naging tugon ang tao sa tanong na ito.

Maaaring magbunga ng paghahati ang kakayahang magbalik-tiklop. Tulad nga ng nakita ni Teilhard, maaaring hangarin ng tao nang mag-isa ang intelektuwal na pagtubo mula sa pagkamulat niya sa kaniyang intelektwal na galing.[17] Ngunit ang paghiwalay ng sarili sa ebolusyon ay hindi ang angkop na tugon. Ang indibidwal sa kaniyang sarili ay isang sentro ngunit mabubuo lamang niya ang kaniyang lubos na kalayaan kung personal siyang sasanib sa kolektibo.

Nililinaw ni Ferriols ang puntong ito ni Teilhard sa kaniyang pagtalakay sa ako-ismo. Ang ako-ismo ay *egoism* sa teksto ni Teilhard. Wika ni Ferriols:

> Lumalabas na espesyal sa lahat ng butil ang tao. Ayon sa isang interpretasyon, ang kanyang kakayahang magbigkas ng "ako" ay tanda ng isang paghihiwalay sa mga ibang ako. Sa pagiging nag-iisa matutupad ang kanyang tunay na ebolusyon. Sa ganyang paraan ang ako ay nagiging ako-ismo.[18]

Sa pagtalakay ni Ferriols, nakikita kong hindi lamang kilos ng indibidwal ang ako-ismo. Nangyayari din ito sa nibel ng lipunan. Makikita ito sa anumang ideolohiyang nagsusulong ng paghihiwalay ng "tayo" sa "kanila" batay sa kulay ng balát tulad ng apartheid, batay sa relihiyon. Noong buháy pa si Teilhard, nakita rin ito ng kaibigan niyang si Sir Julian Huxley.[19] Namangha na noon ang mga siyentista sa posibilidad at resulta ng eugenics at pati ang mga ideolohiya ay nagbukas din para rito. Ayon kay Phillips,

> [Huxley] believed that modern racial theory was unscientific, dangerous, wrong-headed, and divisive; in addition, it offended his sense of the unity of the human race. He was equally aware of how the Nazis, in particular, had mixed their theories with eugenics, and applied the admixture with devastating consequences. Notions of racial purity were

[16]Ferriols, *Pambungad sa Metapisika*, 224.

[17]Teilhard de Chardin, *The Phenomenon of Man*, 237.

[18]Ferriols, *Pambungad sa Metapisika*, 226.

[19]Si Huxley ang nagsulat ng pambungad na sanaysay para sa *The Phenomenon of Man*.

> contrary to the diversity in populations which Huxley approved from both cultural and biological points of view.[20]

Si Teilhard naman, may ganitong puna:

> We have "mass movements"—no longer the hordes streaming down from the forests of the north or the steppes of Asia, but "the Million" scientifically assembled. The Million in rank and file on the parade ground; the Million standardised in the factory; the Million motorised--and all this only ending up with Communism and National-Socialism and the most ghastly fetters. So we get the crystal instead of the cell; the ant-hill instead of brotherhood. Instead of the upsurge of consciousness which we expected, it is mechanisation that seems to emerge inevitably from totalisation.
>
> "*Eppur si muove!*"[21]

Sa kasalukuyan, ipinapapatay ang mga hindi Muslim o may ibang pagsasabuhay sa Islam ng kasalukuyang rehimen sa Iraq at Syria. Makalipas ang kalahating dantaon, naririto pa rin ang hámon.

## AKO-ISMO AT PLANETISASYON

Ayon kay Ferriols, isang mahalagang paksa ng abstraksiyo ni Teilhard ang pagbubutil-pagkukumpol.[22] Ang pag-usbong ng bagong paksa o organismo ay pag-usbong ng mga bagong mga butil. Ngunit ang mga butil na ito ay nagkukumpol: bumubuo ng pakikiisa na siya ring nagpapanatili ng kanilang pag-iral at pagbibigay-puwang sa mga bagong posibilidad. Mayroong dalawang uri ng pagkukumpol: matatag at alanganin-orihinal.

Ang matatag na pagkukumpol ay pagdating sa isang kaayusang hindi na natitinag o nagbabago sa pagtakbo ng panahon. Nakahanap na ang kalikasan ng kaayusang umuubra at mula noon ay inuulit na lamang ang kaayusang iyon. Ganito ang pagkukumpulan ng maraming mga insekto: ang pukyutan ng mga bubuyog, at punso ng mga anay at langgam. Ngunit, may pagkukumpulang tinatawag na alanganin-orihinal at dito, may pagkakabuo na bukás sa pagbabago, bukás sa bagong posibilidad, hindi lamang inuulit-ulit dahil umuubra na, bagkus nagbabago pa ayon sa mga bagong hámon. Sa sanga ng mga tao, palibhasa marunong magbalik-tiklop,

---

[20]Paul T. Phillips, "One World, One Faith: The Quest for Unity in Julian Huxley's Religion of Evolutionary Humanism," *Journal of the History of Ideas* 68 (October 2007): 626.

[21]Teilhard de Chardin, 256–57. May salin si Padre Ferriols sa *Pambungad sa Metapisika*, 227.

[22]Ferriols, *Pambungad sa Metapisika*, 222–23.

nakabubuo ng mga hindi inaasahang pagkukumpulang nagmumula sa kalaliman at kalayaan na lalo pang nagpapatindi ng kalaliman at kalayaan. Sa sanga ng mga tao, tinatawag ang kumpulang ito na alanganin-orihinal.

Kakatwa ang ako-ismo sapagkat ginagawa ito ng tao o lipunan mula sa kalayaan ngunit ibinabalik ang sangkatauhan sa matatag na kumpulang malapunso. Ngunit sinasabi ni Teilhard, kung titingin lamang ang tao, o magbabalik-tiklop, may iba siyang makikitang direksiyon ng ebolusyon, direksiyon tungo sa pagkakaisa. Kapatiran ng mga persona ang tawag niya dito.

Dito nakatutulong kay Ferriols ang konsepto ni Teilhard ng planetisasyon: ang kilos ng sangkatauhan tungo sa pagkakaisa. Mayroon itong panloob at panlabas na dimensiyon. Ang panlabas ang mismong pisikal na anyo ng lupa. Bilóg ang daigdig. Noong unang panahon, hiwa-hiwalay ang mga kultura’t sibilisasyon dahil na rin kaunti lamang ang tao. Sa paglaki ng populasyon at sa hindi maiwasang paglipat ng mga tao, mangyayari ang salubungan. Dahil sa ruta ng kalakalan alam ng mga emperador ng Roma at Tsina ang pag-iral ng isa’t isa bagaman wala silang tuwirang koneksiyon sa isa’t isa. Ang panloob ay bunga ng kalayaan ng tao. Dahil sa galíng ng tao sa pag-iimbento ng teknolohiya, nagkaroon siya ng paraang makapaglayag at makarating sa malalayong lugar. Dahil sa paglalayag, nakilala ng mga Kastila ang mga sibilisasyong Inca, Maya, Aztec, at Pilipino. Nakikibahagi sa planetisasyon ang pag-imbento ng tao ng barko, tren, kotse, telepono, at internet. Ang kilos ng planetisasyon ay hindi tungo sa ako-ismo ng kolonyalismo, GATT, at Facebook. Ang kilos nito ay tungo sa kapatiran ng mga persona.

At ngayon naman sa ikatlong milenyo, paano nagpapatúloy ang planetisasyon? Sinabi ni Aupers na natutupad ng kasalukuyang internet o world wide web ang hinulaan noon ni Teilhard na pagsasalubungan ng pagmamalay-tao. Parang organismo ang internet: mayroong *central nervous system*: ang masalimuot na mga dugtong-dugtong na ugat na siyang dinadaluyan ng impormasyon, talakayan, tawagán, usapan, at tagpuan. Sabi nga niya,

> The growth of the World Wide Web is related to the theologically inspired ideas and prognosis of Teilhard de Chardin. This priest invented the so-called Gaia hypothesis, where the ecosystem is conceptualized as a huge organism in which the whole transcends its parts.[23]

Hindi nga lamang eksakto si Aupers sapagkat hindi galing kay Teilhard ang Gaia haypotesis bagaman may kinalaman ito sa tinawag ni Teilhard na *noosphere* at salubungang binansagan niyang planetisasyon. Ngunit nahuli nga niya ang

[23]Stef Aupers, “The Revenge of the Machines: on Modernity, Digital Technology and Animism,” *Asian Journal of Social Science* 30 (2002): 212.

kontribusyon ng internet sa kilos ng planetisasyon. Mulát din si Aupers na hindi likas na mabuti o masama ang teknolohiya; maaari itong magdulot ng kabutihan o pinsala depende sa ginagawang takbo nito sa talagang nangyayari. Ibinibilin niya na maaaring mawalan ng pagkaindibidwal ang tao kung hahayaan lamang niyang matunaw siya sa pangkalahatang masa ng mga gumagamit at nagpapagamit sa internet. Kailangan ng pagkukusa, pagmamatyag at pag-iingat upang hindi pangibabawan ng teknolohiya ang pagkamalikhain, malaya, at bukod-tanging kilos ng sangkatauhan.

## TUNGO SA PAGBIGKAS SA MERON

Tahiin na natin ngayon ang mga obserbasyong nabanggit upang makahantong sa kahihinatnan ng papel na ito. Ayon kay Ferriols, naghahain si Teilhard ng isang bukod-tanging pagtanaw sa meron. Para bagang sinabi niya: "Tingnan mo ang daigdig. Makikita mong hitik ito sa mga nilalang na sa unang tingin ay magkakahiwalay at magkakaiba. Ngunit sa mas masinsing pagtanaw, maaaring makita ang pagkakaugnay at pagkakatulad. At mula sa pagkilala sa pagkakaugnay at pagkakatulad na ito, paano ka makikibahagi dito? Ano ang tugon ng iyong malay-sarili bilang bahagi ng daigdig na ito?"

Sa isang banda, hindi ito nalalayo sa nakagisnan ni Charles Darwin. Matalas niyang napansin ang pagkakatulad at ang pagkakaiba, pagkakaugnay at ang pagkakahiwalay ng mga pambihirang *flora* at *fauna* sa mga pulo ng Galapagos. Ang masusing pagmamasid na ito ang nagdalá sa kaniya sa pagbuo ng kaniyang tanyag na teorya ng ebolusyon.

Si Teilhard naman, sinubok niyang ipakita ang mga implikasyon ng teorya ng ebolusyon sa pagtanaw at pag-unawa sa tao. Bahagi ng punò ng búhay ang tao, o sa madaling salita, umusbong ang tao sa daigdig bilang bahagi ng proseso ng ebolusyon. Samakatwid, nakita niyang pagpapatúloy at paglampas sa mga puwersa ng ebolusyon ang pag-iral ng tao pati na ang lipunang binubuo niya.

Binibigkas ba ng pananaliksik ni Teilhard ang meron? Tingnan natin ang mga salita mismo ni Padre Ferriols:

> Alalahanin muna natin na ang pagbigkas ng meron ay pagsikap tumingin, paggalang sa nakikita, pagtugon sa tawag ng meron, pagtaya sa sarili, pagbigkas sa nakita na sabay pag-amin sa hindi alam, pagtanong. Sa ganitong konteksto ang interpretasyon ng tanong ay maaring maging: Ang sistema ni Teilhard ay para bang daliring tinuturo ang meron kaya't nakakakita't natututo tayo, natatauhan sa ating katangahan, nalilito

> at nauudyukan na patuloy pang maghanap? Sa palagay ko ganyan o hawig diyan ang interpretasyon sa sinubukan ni Teilhard na sagutin ng: Oo.[24]

Samakatwid, para sa táong nakaririnig at nakakikilala sa mga kaisipan ni Teilhard, naririnig niya ang hámon. Tumatalab sa kaniya ang kaisipan bilang isang panawagan. Kikilalanin ba niya o itatakwil ang planetisasyon? Makikipagkaisa ba siya sa kapuwa tao at sa kalikasan o patuloy ba siyang magmamataas at dahil dito, ihihiwalay niya ang kaniyang sarili sa kalipunan ng mga tao at sa kapatiran ng mga persona? Kung kaya't matatagpuan ng táong nakaririnig ang kaniyang sarili sa sangang-daan: bibigkasin ba niya ang meron o itatakwil ba niya ito?

Lalong mahalaga ang pagharap sa tanong na ito sapagkat marami na ngang kaso sa kasaysayan na pinili ng táong itakwil imbes na bigkasin ang meron. Noong 1947, nagkaroon ng debate sa pagitan nina Teilhard at Marcel. Narito ang maikling ulat:

> Teilhard was asked how he could remain optimistic about the future of man when confronted with the doctors of Dachau. Teilhard replied that after we have tried everything to its limit, we may begin to see the necessity of somehow rising above ourselves.[25]

Umaasa si Teilhard na isusulong ng tao ang angkop na tutunguhan ng kaniyang kakayahang magbalik-tiklop. Kung kaya't papasok siya sa mas malalim at dalisay na pakikipag-ugnayan. Umaasa naman si Ferriols na pakikilusin ng táong matino ang kaniyang likas na pagkakaugnay sa meron at patitindihin at pagtitibayin pa niya ito sa lalong pagbigkas sa talagang meron. Para sa táong nakauunawa sa konsepto ng planetisasyon, naroon ang panawagang bigkasin ang meron.

## TALASANGGUNIAN

Alt, Charles J. Rebyu ng *Evolution and the Emergent Self: The Rise of Complexity and Behavioural Versatility*, ni Raymond L. Neubauer at Xuan Yue. *Quarterly Review of Biology* 88 (December 2014): 340–41.

Aupers, Stef. "The Revenge of the Machines: on Modernity, Digital Technology and Animism." *Asian Journal of Social Science* 30 (2002): 199–220.

[24]Ferriols, *Pambungad sa Metapisika*, 232.

[25]Mark A. S. McMenamin, rebyu ng *The Crucible of Creation: The Burgess Shale and the Rise of Animals*, ni Simon Conway, *Notes and Records of the Royal Society of London* 4 (September 2000): 408.

Bowpitt, Graham. "Working with Creative Creatures: Towards a Christian Paradigm for Social Work Theory, with Some Practical Implications." *British Journal of Social Work* 30 (June 2000): 349–64.

Ferriols, Roque J., SJ. *Mga Sinaunang Griyego*. Quezon City: Office of Research and Publications, Ateneo de Manila University, 1992.

______. *Pambungad sa Metapisika*. Quezon City: Office of Research and Publications, Ateneo de Manila University, 1991.

McMenamin, Mark A. S. Rebyu ng *The Crucible of Creation: The Burgess Shale and the Rise of Animals*, ni Simon Conway. *Notes and Records of the Royal Society of London* 4 (September 2000): 407–8.

Phillips, Paul T. "One World, One Faith: The Quest for Unity in Julian Huxley's Religion of Evolutionary Humanism." *Journal of the History of Ideas* 68 (October 2007): 613–33.

Teilhard de Chardin, Pierre, SJ. *The Phenomenon of Man*. Salin ni Bernard Wall. New York: Harper & Row Publishers, 1965.

**Wilhelm P.J. Strebel** graduated with a master's degree in Philosophy from Ateneo de Manila University. He is currently working on his doctoral dissertation on Heraclitus and Friedrich Nietzsche. He wrote his MA thesis and teaches most of his philosophy classes in Filipino. He is interested in translating the texts of Nietzsche and other German philosophers into Filipino. He may be reached at wstrebel@ateneo.edu.